Department of Education
Region III – Central Luzon
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com Email: bulacan@deped.gov.ph

Hulyo 16, 2018

Sa mga: Hepe ng CID at SGOD
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
Iba pang dapat makabatid

1. Magalang na pinararating ang liham ng Igg. Wilhelmino M. Sy-Alvarado na may petsang Hunyo 18, 2018 hinggil sa paanyaya ng Bulacan Sports Council Federation Inc. at Pag-asa Youth Association sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office (PYPESO) na muling makaagapay ang Kagawaran ng Edukasyon-Dibisyon ng Bulacan sa pagdaraos ng HAKBANG PARA SA KABATAAN 2018.

2. Ang lahat ng kinauukulan ay hinihilingang suportahan ang nasabing programa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kinatawan ng nabanggit na BSCFI at PYSEDO nang may pagsasaalang-alang sa mga ipinatutupad at umiiral na patakaran at alintuntunin ng Kagawaran ng Edukasyon kaugnay ng naturang gawain.

3. Inaasahan ang kooperasyon at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Liham Pansangay
Blg. 140, 2018

Management System
ISO 9001:2008
TÜVRheinland
CERTIFIED

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Hunyo 18, 2018

DepED - Bulacan
RECEIVED
JUN 28 2018

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Schools Division Superintendent
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Ang Bulacan Sports Council Federation Inc. at Pag-asa Youth Association sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at *Public Employment Service Office (*PYSPESO) ay muling magsasagawa ng **"HAKBANG PARA SA KABATAAN 2018"** bilang bahagi ng **Singkaban Festival**. Ito ay gaganapin sa ika-14 ng Setyembre, 2018 sa ganap na ika-600 ng umaga sa Tanghalan ng Sining at Kultura, Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Ang gawaing ito ay naglalayong mapalakas ang sektor ng kabataan sa pamamagitan ng paglikom ng pondo at paghimok sa iba't ibang sektor ng lipunan na makibahagi sa pagtataguyod ng mga programang pang-kabataan. Ang benipisyaryo ng nasabing programa ay mga atleta at *out of school youth* mula sa ating lalawigan.

Kaugnay po nito, muli kaming lumalapit upang hingin ang inyong mahalagang suporta sa pagsasagawa ng nasabing gawain/Hinihiling namin na muling maging katuwang ang Kagawaran ng Edukasyon - Dibisyon ng Bulacan sa hangaring makatulong sa mga kabataang Bulakenyo.

Maraming salamat.

Sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan